

MGA PROTEKSIYON PARA SA KOSTUMER NG RESIDENSIYAL NA UTILITY

(Epektibo nang retroaktibo hanggang Marso 15, 2022)
Itinaguyod ng Board of Public Utilities (BPU) ng New Jersey



Kung may mga katanungan ka tungkol sa mga proteksiyong ito sa kostumer, dapat mong kaugnayin ang utility company mo sa numerong nasa bill mo.

Kung may reklamo ka tungkol sa utility company mo o kung nasa panganiib ng pagkaputol ang mga serbisyo sa iyo, dapat kang tumawag sa BPU sa 800-624-0241 para sa tulong. Tala: Nireregula lang ng BPU ang mga kompanya ng utility na pag-aari ng namumuhunan.

1. May karapatan ka sa serbisyo ng utility kung kuwalipikado kang aplikante.
2. May karapatan ka sa singil ayon sa badyet kung isang kang kostumer ng utility.
3. May karapatan kang mag-apply para sa mga programang tulong sa utility na maaaring kasama ang pagpapatawad sa mga atraso. Matuto pa sa pagtawag sa kompanya ng utility mo o sa pagtawag sa 2-1-1. May impormasyon ding makukuha online sa www.nj211.org/utility-assistance-programs.
4. Kung kostumer ka ng kuryente o gas na hindi nakasali sa Winter Termination Program (“WTP”), ang kasalukuyang batas ay nag-aatas sa kompanya ng utility na mag-alok sa iyo ng planong pagpapaliban ng pagbayad na mababayaran sa loob ng hindi bababa sa 12 buwan nang walang downpayment, deposito, gastos sa muling pagpapakabit, interes, o parusa (“No Money Down Plan”) sa anumang di-bayad na balanse na naipon bago ang Disyembre 31, 2021 o mas matagal pa kung matutugunan mo ang mga kahilingan sa numero 7 at 8 sa ibaba. May karapatan kang 30 araw na sumang-ayon sa plano ng pagbabayad bago maaaring simulan ng kompanya ng utility ang proseso ng pagkolekta.
5. Kung isa kang kustomer ng tubig, alkantariya, o electric utility ng munisipyo o isang kalahok sa WTP, ang kasalukuyang batas ay nag-aatas sa kompanya ng utility na mag-alok sa iyo ng No Money Down Plan sa anumang hindi nabayarang balanse na naipon bago ang Marso 15, 2022 o mas matagal pa kung natutugunan mo ang mga kinakailangan ng mga numero 7 at 8 sa ibaba. May karapatan kang 30 araw na sumang-ayon sa plano ng pagbabayad bago maaaring simulan ng kompanya ng utility ang proseso ng pagkolekta.
6. Kung sa anumang kadahilanan ay hindi ka kwalipikado para sa No Money Down Plan, ikaw ay may karapatan sa isang kasunduan sa pagpapaliban ng pagbabayad sa ilalim ng mga regulasyon ng BPU (“DPA”). Mayroon kang karapatan sa hindi bababa sa isang DPA sa loob ng 12 buwang panahon na may maximum na paunang bayad na 25 porsiyento o mas mababa sa iyong hindi nabayarang balanse, maliban kung iba ang isinasaad ng kasalukuyang batas. Ang kompanya ng utility ay mag-aalok sa iyo ng parehong taon ng plano ng badyet, na tatagal ng 10, 11, o 12 buwan, maliban na ang taon ng plano ng badyet para sa mga customer na protektado sa ilalim ng WTP ay 12 buwan. Ang anumang planong ng ipinagpalibang pagbabayad o kasunduan na inaalok ng kompanya ng utility sa iyo ay dapat sumunod sa kasalukuyang batas at/o mga regulasyon ng BPU.
7. Kung magsumite ka ng aplikasyon sa isang ahensya ng Estado para sa tulong sa singil sa utility, ngunit kailangan pa ring magbigay ng mga dokumento o gumawa ng ilang iba pang aksyong hiniling sa aplikasyon, may karapatan kang 60 araw mula sa petsa na isinumite mo ang iyong aplikasyon upang ibigay ang mga dokumento at gawin ang mga kinakailangang hakbang upang makumpleto ang proseso ng aplikasyon. Sa loob ng 60-araw na yugtong ito, hindi maaaring ihinto ng kompanya ng utility ang iyong serbisyo. Maiaaplay lamang ang mga karapatang ito kung isinumite mo ang iyong aplikasyon sa ahensya ng Estado bago ang Hunyo 15, 2022.
8. Kung nagsumite ka ng aplikasyon sa isang ahensya ng Estado para sa tulong sa singil sa utility kasama ang lahat ng kinakailangang dokumentasyon, sa oras mang isinumite mo ang aplikasyon o sa loob ng 60 araw mula sa petsa na isinumite mo ang aplikasyon mo, at walang ibang aksyon na kailangan mo upang makumpleto sa proseso ng aplikasyon, ikaw ay protektado mula sa paghinto ng serbisyo mula sa petsa na iyong isinumite ang iyong aplikasyon hanggang sa petsa ng pagkabisyon ng desisyon ng pagiging karapat-dapat sa iyong nakumpletong

aplikasyon. Naiaaplay lamang ang karapatang ito kung isusumite mo ang iyong aplikasyon sa ahensya ng Estado bago ang Hunyo 15, 2022.

9. Kung isa kang kustomer ng kuryente, gas, tubig, at alkantariyang utility na ang serbisyo ay nadiskonekta, ngunit maaari mong ipakita na nag-apply ka sa Universal Service Fund, Low Income Home Energy Assistance, Payment Assistance for Gas and Electric, o Low Income Household Water Assistance para sa mga laang benepisyo, dapat na muling ikonekta ng kompanya ng utility ang iyong serbisyo kapag hiniling at hindi nangangailangan ng paunang bayad, deposito, mga gastos sa muling pagkonekta, interes, o mga parusa para magawa ito.
10. May karapatan kang agarang mapamahalaan ang anumang reklamang ginawa mo laban sa kompanya mo ng utility ng kompanya ng utility na iyon.
11. May karapatan kang mapaimbestigahan ang iyong mga reklamo at mga alalahanin sa utility. Hindi maaaring wakasan ang serbisyo mo dahil sa hindi pagbabayad ng mga itinangging singil sa imbestigasyon ng BPU.
12. May karapatan kang libreng ipasuri ang metro mo minsan bawat taon ng kompanya ng utility mo kung hinihinala mong hindi ito maayos na gumagana. Sa bayad na \$5, ang pagsusuri ng metro ay gagawin sa ilalim ng superbisyon ng kawani ng BPU.
13. May karapatan ka sa isang nakasulat na paunawa ng terminasyon mula sa iyong kompanya ng utility nang hindi bababa sa 10 araw bago ang paghinto ng serbisyo at pagkatapos lamang na inalok ka ng kompanya ng utility ng isang plano ng ipinagpalibang pagbabayad batay sa kasalukuyang batas at mga regulasyon ng BPU.
14. Kung ikaw ay kalahok sa isang programa ng tulong sa enerhiya o isang kustomer ng kuryente, gas, tubig, at/o alkantariyang utility na nahihirapan sa pananalapi sa pagbabayad ng iyong bill, maaari mong hilingin sa kompanya na i-enroll ka sa isang plano ng badyet batay sa iyong kakayahang magbayad. Ipagpalagay na tapat na nagbayad ka sa lahat ng makatwirang singil para sa serbisyo, mayroon kang karapatan sa serbisyo ng kuryente, gas, tubig, at/o alkantariya mula **Nobyembre 15 hanggang Marso 15** nang walang pangambang maputulan ng mga naturang serbisyo kung isa kang kalahok sa ilalim ng WTP.
15. May karapatan kang makatanggap ng naka-post na abiso ng anumang napipintong pagputol kung nakatira ka sa tirahan ng maramihang pamilya. Ang abisong ito ay dapat na ipaskil sa isang karaniwang lugar at/o ipadala nang paisa-isa sa mga nakatira sa tirahan na iyon.
16. May karapatan kang magkaroon ng “paglihis sa serbisyo” na imbestigasyon kung hinihinala mo ang lebel ng konsumo na nasa bill ng utility mo ay hindi maipapaliwanag na mataas.
17. Hindi maaaring isara ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ng mga singil sa pagkukumpuni o paninda. Ang isang kompanya ng utility ay maaaring hindi magpadala sa iyo ng abiso na nagbabantang ihinto ang iyong serbisyo sa utility batay sa mga singil na ito.
18. May opsiyon kang magkaroon ng pagpapatupad ng refund sa deposito sa account mo bilang kredito o ipa-refund ang deposito gamit ang hiwalay na tseke.
19. Ang isang utility ay hindi maaaring magdagdag ng mga singil sa pagiging huli, interes, o lien sa iyong account para sa mga huli nang pagbabayad.
20. Ang iyong serbisyo ay maaaring lamang ihinto pagkatapos maibigay sa iyo ng kompanya ng utility ang wastong paunawa at sa Lunes hanggang Huwebes lamang sa pagitan ng mga oras na 8:00 a.m. hanggang 4:00 p.m. Hindi maaaring isara ng isang utility ang iyong serbisyo sa Biyernes, Sabado, Linggo, holiday o araw bago ang holiday, o kung mayroong wastong medikal na emergency sa iyong sambahayan.
21. May karapatan kayo sa abiso tungkol sa anumang moratoryo sa pagtaas ng rate.

